

Espesyal na Tampok Tungkol Pag-iwas sa Kalamidad

1. Dalawang Uri ng Paglikas(Evacuation)

Sa mga darating na mga araw ay maaaring dumagsa ang mga papalapit na bagyo na sanhi ng malalakas na pag-ulan at pagkakaroon ng kalamidad.

Ang salitang evacuation ay may dalawang kahulugan, mayroong emergency evacuation at ang pamumuhay bilang evacuee. Mahalagang malaman ang ibig sabihin ng dalawang katagang ito kapag naririnig natin ang salitang evacuation o pag-likas dahil halos magkatulad ang kahulugan.

Ang emergency evacuation ay ang paggawa ng aksyon upang bigyan proteksyon ang ating buhay sa panahon ng sakuna o sa nalalapit na mangyaring sakuna. Halimbawa nito ay ang paglikas sa mga matataas na lugar na hindi aabutan ng baha o ligtas na lugar na hindi maaaring magkaroon ng pagguho ng mga lupa

. Ang pamumuhay bilang evacuee ay tumutukoy sa kagustuhan na pansamantalang manirahan sa isang evacuation center kung ang iyong tahanan o ang lugar na tinitirhan ay nasira ng isang sakuna at hindi na kayang mamuhay ng normal.

Sa pangkalahatan, ang “evacuation o paglikas” ay katumbas ng pagpunta sa lugar ng emergency evacuation ng lungsod. Ngunit kung ang sariling tahanan ay nasa isang mas ligtas na lugar kaysa sa isang evacuation center kung saan maraming tao ang sabay-sabay na lumilikas, mahalaga na huwag na lamang umalis ng tahanan. Gayundin, kung nagsimula na ang pagbaha, gawin ang vertical evacuation at lumipat sa ikalawang o mas mataas na palapag ng bahay.

Isaalang-alang ang mga plano sa paglikas ayon sa sitwasyon ng kalamidad.

2. Ang Tamang Oras sa Paglikas

Ang pangangalap ng impormasyon ay mahalaga upang mapagpasyahan kung kailan gagawa ng emergency na paglikas kung sakaling magkaroon ng baha o pagguho ng lupa. Nararapat na magkaroon ng maraming paraan upang mangolekta ng impormasyon sa isang emergency na sitwasyon gaya ng mula sa internet, smartphone, TV, o radyo.

Kapag nakatanggap ng impormasyon tungkol sa "Level 5 Emergency para Tiyakin ang Kaligtasan" dahil sa malakas na ulan mula sa bagyo, malaki ang posibilidad na may nangyayari ng sakuna. Gumawa na ng mga aksyon na makakabawas sa panganib sa sariling buhay.

Kapag nag-aalala naman sa patuloy na malakas na pag-ulan at nagtaas na sa "Level 4 ang Evacuation Order", ang isang kalamidad ay maaaring tumama anumang oras. Dapat ilikas ang lahat sa isang ligtas na lokasyon sa lalong madaling panahon.

Kung nakatanggap naman ng emergency alert email mula sa Tochigi City tungkol sa "Level 3 for Elderly Evacuation", ang ibig sabihin nito ay nasa sitwasyon na kung saan napakataas ang posibilidad ng mangyari ang isang sakuna. Ilikas na ang mga matatanda sa lalong madaling panahon.

Para sa "Level 2 naman ay dapat na tiyakin ang sariling mga hakbang sa paglikas." Kung may isang malakas na bagyo ang paparating, maging maagap na kumuha ng impormasyon para sa mga sumusunod na oras gaya ng kalagayan ng panahon.

Magandang ideya na isaalang-alang ang maraming opsyon para sa kung paano maging ligtas sa bawat sitwasyon ng kalamidad.

3. Mga Gamit na Dapat Ihanda at Dalhin sa Paglikas

Alam na ba natin ang mga gamit na dapat dalhin sa evacuation site ay maaaring magkaiba sa panandaliang paglikas at sa pangmatagalang pananatili sa evacuation center?

Ang mga pang-emerhensyang gamit na dadalhin sa magdamagang pananatili sa evacuation center ay dapat laging nakahanda upang madaling mabitbit kaagad kabilang na rito ang pagkain, gamot, pang-araw-araw na pangangailangan, mahahalagang bagay at iba pa. Isaalang-alang din ang sitwasyon ng ating pamilya lalo na kung may mga kasamahan tayong matatanda o sanggol. Ganundin kung may alagang hayop.

Kapag dumating ang sakuna ay maaaring huminto ang byahe ng mga sasakyan, daloy ng suplay ng tubig at kuryente na maaaring maka-apekto sa ating pang-araw-araw na pamumuhay kaya importante na mag-ipon ng ating suplay ng maiinom na tubig para sa 3 araw at mainam hanggang sa 7 araw. Bilang isang emergency reserve, panatilihin ang humigit-kumulang 3 litro ng inuming tubig bawat tao kada araw. Magandang ideya din na magkaroon ng mga portable na palikuran.

Inererekomenda rin ang pagbili ng kaunting sobra sa ating consumption ng pagkain na maaaring madala o magamit kung sakaling magkaroon ng kalamidad. Pauli-ulit itong gawin hanggang sa lubos na magamit lahat at maaari na naman na bumili at i-stock upang may magamit sakaling magkaroon ng sakunang darating.

Kapag pina-alaala ang awareness sa disaster prevention, marahil ang karamihan ay may pag-aalinlangan, ngunit makabubuti at huwag mag-atubiling isama ang pag-iwas sa sakuna nang paunti-unti sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.